




PCP NAME
PCP PHONE NUMBER

MEMBER NAME
ADDRESS
CITY, STATE, ZIP CODE



Pangasiwaan ang Iyong Kalusugan – Makakuha ng \$50 na Gift Card!

Mahalaga ang kalusugan mo! Mabuti man ang pakiramdam mo o kung may mga tanong ka, ang pagpapatingin sa well-care ay pinakamagandang oras para makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP). Ang PCP mo ay ang iyong pangunahing doktor o provider ng pangangalagang pangkalusugan na tinutulungan kang manatiling malusog at nangangasiwa sa pangangalaga mo. Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga pagpapatinging ito nang libre sa iyo.

Bakit Kailangang Pumunta sa Pagpapatingin sa Well-Care?

Sa iyong pagpapatingin, makakatulong ang PCP mo sa:

Katawan mo – Paglaki, timbang, mga bakuna, at anumang problema sa kalusugan

Isip mo – Suporta para sa stress, pagkabalisa, o depresyon

Mga pagpipilian mo – Birth control, sexually transmitted infections (STI) & HIV testing, treatment, and prevention

Kinabukasan mo – Mga tip sa malulusog na gawi, nutrisyon, at higit pa

Ano ang Nangyayari sa Pagpapatingin?

- Magsasagawa ang iyong PCP ng pisikal na eksaminasyon sa iyo at magtatanong tungkol sa kalusugan at buhay mo.
- Susuriin niya kung may mga problema sa paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, o mga gawi sa pagkain.
- Makakatanggap ka ng mga pagsusuri at paggamot para sa STIs at maaari kang makipag-usap tungkol sa pagkontrol sa pagbubuntis.
- Maikokonekta ka ng iyong PCP sa pangangalaga para sa kalusugan ng pag-iisip at higit pa.



Makakuha ng \$50 na Gift Card!

Gamit ang programang Mga Reward sa Kalusugan ng SFHP, makakakuha ka ng mga gift card para sa pangangasiwa sa iyong kalusugan. Pagkatapos mong pumunta sa pagpapatingin sa well-care, awtomatiko kang makakakuha ng \$50 na gift card na ipinapadala sa koreo!

Kalusugan mo, kinabukasan mo, pipiliin mo! Magpa-appointment ngayong araw.



May Karapatan Kang Makatanggap ng Pribadong Pangangalaga

Kung ikaw ay 12 gulang pataas, makakakuha ka ng ilang partikular na pribadong serbisyo nang hindi kailangan ng pahintulot ng magulang. Kasama rito ang:

- Pagkontrol sa pagbubuntis at emergency na pangontra sa pagbubuntis
- Pagsusuri sa pagbubuntis at pangangalaga habang nagbubuntis
- Pagsusuri, paggamot, at pag-iwas sa STI at HIV (PrEP & PEP)
- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip
- Paggamot sa paggamit ng sangkap



Kalusugan mo, kinabukasan mo, pipiliin mo! Magpa-appointment ngayong araw.

Kailangan ng Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip?

Maaaring nakaka-stress ang buhay. Kung nakakaramdam ka ng kalungkutan, pagkabalisa, o pagkabigla, available ang tulong.

Tumawag sa Caredon Behavioral Health sa **1(855) 371-8117** nang libre at pribadong suporta sa pamamagitan ng telepono o video. Hindi mo kailangan ng referral.

Kailangang I-update ang Iyong Address?

Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP sa **1(800) 288-5555** kung:

- Kung lumipat ka kamakailan
- Hindi mo natanggap ang iyong gift card pagkalipas ng 8 linggo

Kailangan ng Masasakyan? Kami ang Bahala sa Iyo!

Nagbibigay ang SFHP ng mga libreng masasakyan papunta sa mga pagpapatingin sa Medi-Cal, kasama ang mga checkup sa well-care.

Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Modivcare sa **1(855) 251-7098** o Serbisyo sa Customer ng SFHP sa **1(800) 288-5555** para magsaayos ng masasakyan.

Paano Makakuha ng Iyong Gift Card

- ✓ Dalhin ang iyong anak sa 1 pagpapatingin ng batang walang sakit sa kanyang PCP o OB-GYN bago ang pagtatapos ng taon.
- ✓ Hindi kasama ang mga pagpapatingin sa Telehealth (video o telepono) para sa reward na ito.
- ✓ Walang kailangang form! Awtomatikong ipapadala sa koreo ang iyong gift card.
- ✓ Makakakuha ka ng isang gift card sa bawat anak kada taon.
- ✓ Maglaan nang hanggang 8 linggo para makuha ang iyong gift card sa koreo.



Magpaiskedyul ng Pagpapatingin ng Batang Walang Sakit ng Anak Mo Ngayong Araw!

Tawagan ang PCP mo – nasa iyong ID card ng SFHP ang kanyang numero. Kailangan ng tulong? Tumawag sa SFHP sa **1(415) 547-7800** o **711** (TTY).